1.Profile ng Lungsod ng Fukuchiyama

Ang Lungsod ng Fukuchiyama ay ikalawa sa pinakamatandang lungsod sa Kyoto Prefecture.Ito ay nasa sentro ng Fukuchiyama basin sa hilagang kanluran ng Kyoto Prefecture, may distansya ng 70 kilometro mula sa mga lungsod ng Kyoto, Osaka at Kobe. Noong Enero 1, 2006, pinagsanib ang Miwacho,Yakunocho, at Oecho, kaya't ang populasyon ay naging halos 84,000 at ang area ay naging 553 km².
Ang populasyon na naitala noong Enero 31, 2011 hanggang sa kasalukuyan ay 81,818 na mamamayan.

Noon, si Akechi Mitsuhide, heneral ng digmaang sibil ay ipinatayo ang kastilyo ng Fukuchiyama na siyang naging sentro ng katanyagan ng mga bayan sa paligid ng kastilyo. Sa pagpasok ng taong 1900, matapos na ang Osaka at Kyoto ay pinag-ugnay ng riles, ito ang naging sentro ng transportasyon sa lugar ng Kita Kinki at umunlad bilang komersyal na lungsod.

Ang industriya ay naimpluwensyahan ng Osadano Industrial Estate. Sa ngayon, ang Fukuchiyama ang sentrong lungsod, hindi lamang sa economiya at industriya, kundi maging sa kultura at edukasyon sa hilagang Kinki.Ang pagbubukas ng express way papuntang Osaka, at ang pagtatayo ng high speed railroad, kasama na ang pagpapabuti ng imprastaktura sa pamamagitan ng pagpapatayo ng community hospital, pagdaragdag ng mga sistema ng padaluyan ng tubig sa mga imburnal at pasyalan,
at nagsimula para sa mga institusyon ng mataas na paaralan na naririto ngayon kabilang na ang nag-iisang unibersidad ng Kitakinki na may sistemang pang 4 na taon.

Karagdagan rito, ang iba't ibang national road, na sinimulan ng national road no.9, Ang National Highway Maizuru Wakasa Expressway at JR Sanin Main Line, Fukuchiyama Line, Kita Kinki Tango Railway Miyafuku Line at iba pa, ang nagdudugtong sa malaking area ng traffic network at tumatayong mahalagang pintuan papasok sa Kita Kinki.
Sa Lungsod ng Fukuchiyama, isinusulong ang pagsasakatuparan ng [Bayan na nag-uumapaw sa pagkamapanlikhain na mangunguna sa Kita Kinki] .

♦Fukuchiyama Homepage http://www.city.fukuchiyama.kyoto.jp/
Bukod sa "Araw-araw na pamumuhay sa Lungsod ng Fukuchiyama Gabay Na Nasa Ibang Wika", Makikita rin dito ang balangkas ng lungsod, turismo, at impormasyon sa mga okasyon.

Fukuchiyama City Citizen Charter

Mabuhay sa Kaligayahan

Gagawin naming "Entablado ng kaligayahan" ang Fukuchiyama na aming bayan. Matamis na tubig ng ilog ng Yura, matingkad na lunti ng mga bundok, mga taong pabalik-balik. Gagawa kami ng isang masigla at malayang bayan.
Kami ay mayroong lakas na magbibigay ng isang malaya at magandang buhay sa loob ng bawat isa. Mababuhay kami ng masaya kasama ang aming iniipong lakas na dumadaloy, 4 na panahong iniibig, at iginagalang na buhay.

Pinagtibay, Abril 1991